

1

Isang ordinaryong messenger sa bangko ang ama ni Loti kaya simpleng pamumuhay ang kanyang nagisnan, taliwas sa kinalakihan ng dalawang kaibigang sina Yvette at Audrey. Isang politiko sa Kabisayaan ang kay Yvette habang ang namayapang ama ni Audrey ay isang malaking food manufacturer at exporter.

Napabarkada siya sa dalawa dahil pare-pareho sila ng course sa kolehiyong pinapasakan nila. Ngayon ngang graduation nila sa *Philippine International Convention Center*, galing ukay-ukay sa Quiapo ang suot niyang bestida habang designer dresses ang suot nina Yvette at Audrey. Pero importante pa ba ang mamahaling damit gayong sa kanilang tatlo, siya ang *cum laude*? Bongga ang ngiti niya habang nagpapa-picture silang magbabarkada.

“Guys, let’s go to Bora. Taya ako!” sabi ni Audrey.

“Sureness,” sagot ni Loti. Libre naman, bakit hindi? Kaya nga gusto niyang sumama-sama kay Audrey dahil maraming libre kahit ba minsan ay may pagkaepal ang ugali ng kaklase.

Tumawa si Yvette. “Dapat hindi makabalik si Loti ng Maynila na virgin pa rin!”

Binelatan niya ang dalawa bago muling ngumiti sa mga taong nagpi-picture sa kanila—ang kanyang mga magulang, mga magulang ni Yvette at ang sekretarya ng kuya ni Audrey. Wala na kasing magulang si Audrey at ang supladong kuya na lang nito ang natitirang kamag-anak. Dahil busy, hindi nito napuntahan ang kapatid. Kung sila nga naman ang tatanunging dalawa ni Yvette, mas mabuti ngang hindi nila makita sa *PICC* ang Kuya Gregor ni Audrey dahil naiilang sila rito. Masyado kasing istrikto!

Pagkatapos nitong closing ceremony ay sabay-sabay ang kanilang mga pamilya na magdi-dinner at ayaw nilang makasama si Gregor Sajili sa mesa. Suplado kasi. Sobra!

Iyon ang pinakaunang pagtapak ni Loti sa Boracay. Pagdating nila sa isla ay halos mawindang siya sa pagod dahil na-delay ang flight nila nang limang oras. Ngayon niya lang nalaman na nakakabaliw palang maghintay ng eroplano. Alas tres ng hapon na sila nakalapag sa *Caticlan Airport*. Paakyat na sila ngayon sa kanilang mga kuwarto sa resort sa Station 2 ng White Beach.

Pero sulit naman ang pagod niya nang nakita ang dagat sa malapitan mula sa salaming dingding ng kanyang kuwarto. Ang bughaw ng tubig at mala-pulbos na puting buhangin ay kumikinang sa sikat ng araw. Nakaaanyaya, pero ayaw naman niyang mabinat dahil pagod na pagod siya. Hinagis niya ang sarili sa kama at masarap na umidlip.

Paggising niya bandang alas cinco ay agad niyang narinig ang boses ng mga kaibigan sa terrace. Nakitambay rin siya roon para tumingin sa napakaraming taong dumadaan sa maliit na kalsada ng white beach.

May dalawang lalaki na lumabas mula sa entrance ng kanilang resort. Kahit likod lang ang kanilang nakita ay alam nila kung sino ang mga iyon. Muntik nang mahulog sa upuan si Loti nang makita ang crush nilang si Miko Flores, ang star player ng kanilang university sa basketball.

Nagtakbuhan sina Yvette at Audrey para habulin si Miko. Ayaw niyang paiwan kaya sumunod siya sa dalawa. Na-corner ng mga ito ang dalawang lalaki sa dalampasigan.

Tahimik lang si Loti na nakinig sa usapan ng apat habang binubuo ang maliit na sandcastle nang umupo sa tabi niya si Miko. Nag-excuse kasi ito kanina para

makabili ng beer at dahil masyadong abala ang tatlo sa pagdedebate, sa gilid niya ito nakisiksik.

“Want some?” tanong ng lalaki habang binibigay sa kanya ang isang lata ng beer.

“Thanks.” Tinanggap niya ang lata at tinanong ito kung ano ang plano nito ngayong graduate na sila. Alam niyang Political Science ang kurso nito. Crush nga kasi niya kaya alam niya ang mga detalye tungkol dito. Alam din nga niya ang favorite ice cream flavor nito—strawberry.

Nagkuwento si Miko na babalik ito sa bayan nito sa Abra at tatakbo sa Sangguniang Bayan. Mag-uumpisa raw muna ito sa pinakamababang posisyon.

“Eh, di tumakbo kang kagawad. O kung gusto mo, apply ka munang barangay tanod.”

Napatawa si Miko sa sinabi niya. “Purok Chairman, puwede rin!”

Siya naman ang napatawa. Masarap pala at matalinong kausap ang lalaki. Pinag-usapan nila na ang kakulangan ng mga Pinoy ng tiwala sa sarili ang tunay na salarin kung bakit hindi makausad-usad mula sa kahirapan ang Pilipinas.

“Do you have a boyfriend?”

“Wala!” sigaw niya sabay halakhak. “NBSB. No Boyfriend Since Birth!”

“Virgin?” natatawang tanong ni Miko.

Napatawa siya.

“Baka nangangailangan ka ng serbisyo ko?” Nanunukso na ang tono nito. “I know how to deflower a girl.”

“Magkano ba ang talent fee mo?”

Napatawa sila pareho sa takbo ng kanilang usapan.

Nagkuwento si Miko tungkol sa mga naging girlfriends nito. May dalawa raw itong sineryoso—ang girlfriend nito noong third year high school at noong first year college.

Nagkuwento naman siya tungkol sa great love niya noong high school na ngayon ay ladlad na. Nakasalubong niya ito sa wet market na may akay-akay na maskuladong papa.

Ang sarap ng kanilang tawanan hanggang sa niyaya si Miko ng kaibigan nito na pumunta sa *D’Mall* dahil nandoon daw naghihintay ang kanilang mga kabarkada. Maglalaro raw ang mga ito ng poker.

Room 31 - Sefah Mil

Nagpaalam si Miko, ngunit bago tumayo ay bumulong ito sa kanya. “I’m serious about my offer. Kumatok ka lang sa Room—”

Tumili kasi ang mga bata sa kanilang likuran kaya hindi siya sigurado kung Room 21 o Room 31 ang sinambit nito. Baka Room 31, naisip niya.

“Baliw!” sigaw niya rito.

Kindat ang tugon ni Miko bago hinabol ng takbo ang kaibigang si Jake.

Dahil papalubog na rin ang araw, pinagpasyahan na lang nila na bumalik sa kanilang resort.

2

Galing sa meeting sa Shanghai, China ay dumerecho si Gregor sa Boracay via direct flight to *Kalibo Airport*; pambayad niya sa kasalanan sa hindi pagdalo sa graduation ng kapatid na si Audrey.

Kung siya ang tatanungin, mas gusto niyang umuwi sa Maynila dahil marami pa siyang tatapusin, ngunit namimilit ang kasintahang si Brie na bigyan naman niya ng oras ang nakababatang kapatid dahil nagtatampo na ito. Dumerecho siya sa resort na pagmamay-ari ng German na ama ni Brie.

Sinalubong siya ng halik ng kasintahan sa receiving area.

“Where’s Audrey?” untag niya.

“Upstairs in my pad. Naku, nagdadrama nga, eh. Nasa resort daw ang crush niyang varsity player. The problem is that he likes Audrey’s friend more.”

Napailing siya. Ang mga babae talaga.

Pumunta sila sa pad ni Brie sa third floor at doon ay naabutan niya si Audrey na nakaupo sa terrace, nanunulis ang nguso habang nakatingin sa papadilim

na dagat.

Inabot niya sa kapatid ang regalong kuwintas at mabuti na lang at tila nakalimutan na nito ang tampo dahil mukhang sa iba na nakatutok ang sama ng loob nito. Umupo siya sa isang silya at kumuha ng pasta mula sa bowl na nasa mesa.

“I regret inviting her!” iritableng sumbong ni Audrey kay Brie.

“Ang sinasabi mong Loti ay ang girl na naka-blue two-piece? I think you’re way prettier than her.”

Tumango si Audrey.

Gusto niya sanang sabihin sa kapatid at kasintahan na wala iyon sa ganda, ngunit minabuti na lang niyang huwag magsalita at baka pagkaisahan pa siya ng dalawa.

Inubos niya ang pagkain at natulog. Pagod na pagod siya kaya mamaya na lang siya maliligo.

Kinatok ni Loti ang kuwarto nina Audrey at Yvette eksakto alas ocho ngunit walang sumasagot mula roon. Nakailang katok siya nang may dumaan na room boy. Tinanong niya kung nakita nito ang dalawang kasama niya. Sinabi nitong umalis kanina

pa ang mga babae.

Hindi siya makapaniwala na iniwan siya ng dalawa. Ang usapan, sabay-sabay silang magdinner ng alas ocho. Nag-check siya ng cellphone. Hindi man lang nag-iwan ng text ang mga ito. Tinawagan niya ang dalawa, parehong naka-off ang cellphones ng mga ito.

Napabalik na lang siya sa kanyang kuwarto dahil sa bad trip. Hula niya, hindi siya dinala ng dalawa dahil gusto ng mga ito na masolo si Miko. Kanina ay masama ang tingin sa kanya ni Audrey dahil hindi ito ang pinansin ng varsity player.

May masamang ngiti na humulma sa kanyang mga labi. Patulan niya kaya si Miko? Katukin niya kaya sa Room 31? Tama nga naman ang sinabi ni Yvette, dapat pagbalik niya sa Manila, hindi na siya virgin. Palagi na lang siyang tinutukso ng dalawa tungkol doon at nag-wo-wonder siya kung ano kaya ang mararamdaman ng mga ito kapag nalaman na si Miko ang naka-deflower sa kanya?

Hindi naman siya naniniwala sa virginity. Nagkataon lang na wala talaga siyang naging boyfriend.

Nakaramdam siya ng excitement. Mamaya

paglalim ng gabi ay magiging diyosa siya. D-I-Y-O-S-A!

Paggising ni Gregor ay dumerecho siya sa bathroom para mag-shower. Sa kasamaang palad, pagbukas niya ng shower ay nahulog ang knob niyon at bumulwak mula roon ang malakas na tubig. Tumawag siya sa Information Desk para magpatulong sa utility. Hinanap niya rin si Brie. Lumabas umano ito kasama ni Audrey at ang kaibigan ng kapatid.

Inayos ng utility man ang shower, ngunit hindi pa maaaring magamit dahil baka muli iyong bumulwak. Dahil nag-iisa lang ang shower sa pad at kating-kati na siya, tinanong niya sa Information kung saan siya puwedeng mag-shower. Pinahatid siya nito sa Room 31 na hindi okupado nang oras na iyon.

Dinala niya sa maliit na kuwarto ang shorts at polo na susuotin, pati na rin ang tuwalya at toiletries.

Nagsasabon siya nang namatay ang ilaw sa labas.

“Who’s there?” tanong niya mula sa loob ng bathroom.

May lumapit na yabag at may nagsalita mula sa labas.

“Napag-isipan kong tanggapin ang inalok mo kanina. I hope you’re not changing your mind.” Isang mahiyaing boses ang nagsabi niyon.

Hindi muling nagsalita si Gregor. Binanlawan niya ang sarili. Paglabas ng bathroom ay nasulyapan niya ang isang nakatalikod na babae na nakasundress. Dapat pala ay hinayaan niyang bukas ang pintuan ng bathroom para makita niya ang hitsura nito, ngunit nasa kalagitnaan na siya ng silid nang humarap ito at lumapit sa kanya.

Parang pamilyar! Parang ang kaibigan ni Audrey na minsan ay natutulog sa kanila kapag may school project ang mga ito. Iyong matangkad na morena. Pareho silang mapapahiya kung bubuksan niya ang ilaw.

“Ahm... I’ve never done this before so please, promise me na dahan-dahan ka lang, ha.”

Napakunot ang noo ni Gregor. Ano ang ibig sabihin ng batang ito? Ngunit hindi na siya nakapagtanong nang malanghap niya ang mabining amoy na lumilipad mula sa katawan ng kaharap—napakasariwa at napakalambing. At hindi na rin siya nakagalaw nang binaba ng babae ang strap ng damit sa kaliwang balikat nito at humulma sa dilim ang anino ng kaliwang dibdib nito. Ibinaba rin nito ang

sa kanan kaya tuluyang nahulog ang damit sa sahiig. Maganda ang leeg nito at ang hulma ng balikat! May kung anong init ang lumukob sa kanya kaya tinaas niya ang palad para damhin ang pisngi ng babae.

Ramdam niya ang pagtitig nito sa madilim niyang mukha at pagkatapos ng ilang segundo ay siya na rin mismo ang nanglamukos ng halik sa mga labi nito.

Napasinghap ang babae at napayakap. Mukhang hindi nga ito marunong humalik. Gamit ang kanyang bibig, tinuruan niya itong huwag masyadong ibuka ang bibig. Mabilis namang natuto ang dalaga.

Hinubad ni Gregor ang kanyang t-shirt at kinalas ang hook ng bra ng babae para tuluyan iyong maihubad. Malamig at napakalambot ng dibdib nito na nakadaiti sa dibdib niya. Matangkad siya kaya hindi maabot ng kanyang mga labi ang dibdib nito. Kinarga niya ang babae sa kama at doon ito nagdalawang-isip. Niyakap nito ang sarili at biglang napaupo, biglang nag-alangan.

“Sandali, ninenerbiyos ako!” Pinaypayan ng babae ang sarili para kumalma. “Promise mo talaga na huwag masakit ha?”

Napangiti siya sa dilim. Maganda na sana ang mood, sinira pa nito.

Ibinaba niya ang dila sa braso na nakatakip sa dibdib ng dilag. Gamit ang kanyang dila ay gumuhit siya ng mga hugis bilog hanggang sa nailipat niya ang bibig sa kaliwang umbok ng dibdib. Mahigpit ang takip nito roon kaya mapuwersa niyang kinuha ang braso nito at inilipat iyon sa tagiliran nito. Parang seda sa lambot ang balat ng babae. Nakakagigil! Pinipigilan niya lang ang sarili at baka sa sobrang gigil ay masaktan niya ito.

Ibinaba niya ang kamay para ramdamin ang pagkababae nito; mainit na at handa ngunit kailangan niya pa talagang suyuin para hindi ito masyadong masaktan.

Iniwang niya ang dibdib ng kaulayaw at dahan-dahang binaba ang dila sa gitna ng mga hita nito. Pinagdikit nito ang mga binti kaya ginamit niya ang mga kamay para pigilan ito at malaya niyang magalugad ang pagkababae nito. Dahil hindi na makagalaw ang mga binti, halos mabali na sa pag-arko ang baywang ng babae dahil sa sensasyon. Nahihiya sigurong magmakaawa kaya nanabunot na lang. Hindi niya ito tinigilan hanggang sa halos mawalan ito ng hininga at masakit na ang puson niya sa sobrang pagpipigil.

Binalik ni Gregor ang mga labi sa mga labi

ng dalaga. Kinuha niya ang mga kamay nito para makayakap sa kanya habang dahan-dahan niya itong inaangkin. Napabaon ang mga kuko ng babae sa likod niya at napakagat ito sa labi para hindi umalpas ang mga sigaw mula sa lalamunan nito.

Nasasaktan ito, pero nang naglaon ay napapaungol na sa sensasyon. Napakagat naman siya sa mga labi para walang salitang lumabas sa bibig niya at magpatigil sa lahat. Gusto niya itong amuin at sabihan kung gaano ito kaganda, pero mukhang hindi siya dapat ang nandito ngayon. Kagat-labi niyang dinamang kalambutan ng babae sa ilalim niya at ang namumuong sensasyon sa kanyang puson. Nang kapwa na sila malapit sa rurok ay dumiin ang mga haplos ng mga kamay nila habang mabilis na sinasayaw ang mga katawan hanggang sa kapwa na sila halos maputulan ng hininga sa naabot.

Pareho silang tuliro pagkatapos, pagod na pagod at walang galaw. Ramdam na ramdam niya ang pagtaas at pagbaba ng dibdib ng babae at ang pakikiramdam nito sa paligid. Inayos niya ang magulong buhok nito na nakabuhaghag sa kama. Yayakapin niya sana ang nakaulayaw ngunit mabilis itong tumayo at nagbihis. Tahimik na lang niya itong tiningnan sa dilim.

Room 31 - Sefah Mil

“Salamat,” sabi nito bago lumabas ng silid.

3

Masakit ang katawan ni Loti kinaumagahan. Namula ang mukha niya nang naalala ang nangyari nang nakaraang raw. Ganoon pala iyon... masakit. Hindi sana siya babangon mula sa higaan ngunit nakaramdam siya ng gutom kaya nagbihis siya at naghanda ng breakfast. Dinala niya iyon sa terrace kung saan naroon ang dalawang kaibigang nakatingin sa dagat.

“Bakit hindi ka sumunod sa amin?” tanong ni Audrey. “I texted you the place last night.”

Walang natanggap si Loti ni isang text kaya sigurado siyang nagsisinungaling lang ito. Kung alam lang ng dalawa ang pinaggagawa niya kagabi, maloloka ang mga ito.

“We went clubbing with Miko last night. Nag-enjoy nga kami, eh,” patuloy ni Audrey.

Napatigil si Loti sa kalagitnaan ng pagnguya ng longganisa. Kasama nila si Miko kagabi?

May kung anong nerbiyos na gumapang sa kanyang balat. Paano nangyari iyon? Hindi ba kasiping niya kagabi ang lalaki?

“Okay ka lang?” tanong ni Yvette sa kanya. “Bakit parang namumutla ka?”

Uminom muna siya ng tubig bago nagsalita. “Masama lang kasi ang gising ko. May masamang panaginip!” Ibinalik niya sa normal ang hitsura. Wala dapat makaalam ng nangyari kagabi lalo’t hindi pala si Miko ang kanyang nakasiping. Nakakahiya! Sino kayang suwerteng demonyo ang naka-jackpot ng pagkabirhen niya?

“Kainis nga at nandito si Kuya. Hindi ako makakapaglandi masyado,” himutok ni Audrey.

“Your Kuya Gregor is really scary!” ani Yvette. Kapag sa mansyon sila ni Audrey nag-o-overnight, makagagawa lang sila ng kahit anong gusto nila kapag wala si Gregor—magpatugtog ng music nang malakas, maghalakhakan, magpagulong-gulong sa sahig, manigarilyo at mag-inom. Kapag nandyan si Gregor Sajili, behave silang tatlo palagi.

“Who’s scary?” tanong ng pumapasok na si Brie sa teresa.

Napatawa si Yvette at nagmakaawang huwag sabihin kay Gregor ang narinig.

Tahimik lang na nakinig si Loti sa kuwentuhan ng tatlo tungkol sa lasing na Australyanong nakasalubong

ng mga ito nang nakaraang gabi. Halos hindi nga pumapasok sa utak niya ang pinagkukuwentuhan ng mga ito dahil pilit niyang kinikilala kung sino ang kayakap kagabi. Kasing-tangkad kasi ito ni Miko at kasing-katawan. Pero baka si Miko nga naman talaga iyon, pumunta lang sa bar pagkatapos nilang magtalik.

Ito ang napapala ng mga tatanga-tanga!

Nagyaya si Brie na maligo sa dagat. Hindi siya sumunod dahil masakit pa rin ang katawan niya. Pagkatapos mag-shower ay bumaba siya sa Information Desk para tanungin kung ano ang room number ni Miko Antonino.

“Room 21 po, Ma’am,” anang receptionist.

Namawis siya sa narinig. Room 21 pala, hindi Room 31. *Patay!*

“Eh, sino ’yong nasa Room 31 ngayon?”

“Wala pong gumagamit ng Room 31?”

“Salamat.” Babalik sana siya sa hagdanan nang nakita niyang papababa ang kuya ni Audrey na si Gregor. Ayaw niya itong makasalubong kaya napaderecho siya sa isang pasilyo papunta ng CR. Tiningnan niya muna kung nakalabas na ito ng

entrance bago siya bumalik sa kanyang kuwarto at natulog.

Nagising siya nang mga alas cinco. Dahil wala ang mga kaibigan, naligo siyang mag-isa sa dagat at maagang nag-ayos para sa dinner para hindi siya muling maiwan.

Pagbaba nila sa receiving area ay nandoon na rin at naghihintay sina Miko.

“Hi, Miss Virgin,” bati ng huli sa kanya.

Hindi niya alam kung paano magre-react dahil hindi niya alam ang ibig nitong sabihin. Ibig sabihin ba nito na ito ang nakasama niya sa Room 31 kahapon? Huwag muna siyang magpakasigurado. Baka hindi nga ito at mapahiya lang siya.

May sasabihin pa sana sa kanya si Miko ngunit hinablot na ito ni Audrey.

Hindi sila lumabas ng resort hanggang sa bumaba na rin sina Brie at Gregor. Nagyaya kasi si Brie sa restaurant ng kaibigan nito na nasa white beach rin lang.

Doon sila umupo sa mesa sa dalampasigan at nakinig ng mabining alon at acoustic music habang hinihintay ang pagdating ng kanilang pagkain.

Romantic ang mga umiilaw na capiz na nakatali sa mga kahoy ng niyog na nagbibigay ng ibang tanglaw sa lugar.

“Ayaw kong tumabi kay Gregor,” bulong ni Yvette sa kanya na nasa gilid ng nabanggit na lalaki.

Tumayo ito at nakipagkuwentuhan raw sa French kiteboarder na inimbitahan din ni Brie. Pagkatapos ay pinausog nito ang French para mapausog siya sa upuan. Napatabi tuloy siya sa kuya ni Audrey.

Napatingin siya kay Gregor sa eksaktong oras na napatingin din ito sa kanya. Agad niyang binawi ang tingin. Kung guwapo lang naman ang pag-uusapan, guwapo talaga ito! Mestisuhin at matangkad, kaso nga lang parang kailangang luhuran ng lahat ang personalidad.

Kahit nga si Audrey ay takot dito. Ang kuya umano nito ang kalbaryo nito sa buhay. Nakita nila noon kung paano pinagalitan ang kaibigan ng kapatid nito nang mahuli silang umiinom at naninigarilyo sa garden.

Dumating ang umuusok na mga lobster sa kanilang mesa. Amoy pa lang niyon ay nakakagutom na. Ang problema, hindi niya alam kung paano gamitin ang cracker.

“Let me help you,” sabi ng malumanay na boses sa kanyang kanan.

Kinuha ni Gregor ang cracker sa kanya at ito na ang nagbukas ng mga sipit na nasa plato niya.

“Salamat,” ang sabi niya nang nakuha na ang lahat ng laman ng claw.

Tumunog ang kanyang cellphone. Si Yvette nag-text sa kanya. *Hello, Mrs. Gregor! Ang sweet naman, pinagbalat ka pa.*

Binigyan niya ang kaibigan ng masamang tingin. Hindi niya akalaing sinusubaybayan siya nito.

Tumingin siya sa katabi. Napahiya naman si Gregor dahil nahuli niyang binabasa nito ang message sa cellphone niya. Napahiya rin siya dahil siguradong nabasa nito ang text ni Yvette. Salubong ng kanyang tingin ang mga mata ni Brie.

Tinutok na lang niya ang paningin sa pinggan at tinapos ang pagkain.

Napunta muli ang usapan sa mga plano nila pagkatapos ng bakasyon.

“Hey, Yvette, Loti. I was able to talk to the HR Department of our company. Puwede daw tayong maging trainees doon.”

Kapwa silang napangiti ni Yvette. Maganda rin kasing simula na maging trainee sa kompanya nina Audrey. Magandang panlagay sa resumé. Ang problema nga lang ay baka palagi nilang makasalubong ang Gregor na ito roon.

Naiilang nga siyang tumingin man lang sa kanan at baka mahagip niya ang tingin ng lalaki. Kaya malaking pasasalamat niya nang natapos ang hapunan at umalis sila sa mesa para makapag-bar hopping.

Binuntutan siya ni Miko at noon niya lang natuklasan na masama palang magselos si Audrey. Nagpalipad ito sa kanya ng masamang tingin. Sanay kasi itong palaging narito ang atensyon ng lahat. Matagal pa naman na nitong crush si Miko, at ngayon heto na at may pagkakataon, sa kanya naman lumalapit ang lalaki. Siguro kung walang nangyari kagabi, baka kiligin siya. Kaso nga lang, nalulula siya sa katanungan kung sino ang nakasiping niya nang nakaraang gabi.

“Masaya kagabi, ah. Bakit kasi hindi ka sumama?” tanong ni Miko habang nakaupo sila sa bar.

Umubo muna siya para mapawi ang bara sa lalamunan bago nagtanong. “Buong magdamag ka ba talagang gumimik kagabi?”

“Oo naman. Hinanap nga kita. Umalis kami sa resort mga quarter to seven. Nakabalik kami mga alas cuatro na ng umaga.”

Napailing siya sa narinig dahil isa lang ang ibig sabihin niyon: hindi talaga si Miko ang nakasiping niya. Nawalan tuloy siya ng gana. Pagkatapos niyang maubos ang margarita ay nagpaalam na siya sa grupo na babalik na ng resort dahil masakit ang kanyang ulo.

“Gosh, ang aga ni Loti ha,” sabi ni Yvette. “Alas diez pa lang, ni hindi pa nag-uumpisa ang party.”

“Let her be,” sali ni Brie sabay bigay ng masayang ngiti kay Audrey. “Huwag nating pilitin ang tao. Mahirap kasing mag-party na masakit ang ulo.”

Ngumiti siya sa lahat at naglakad palayo. Hayaan na niya kung sino man ang kasiping niya kagabi. Madilim naman ang kuwarto, siguradong hindi siya nakilala ng lalaki. Tatlo nga lang ang pangilanlan niya rito: matangkad, matipuno ang katawan at masarap humalik.